**Bilang isang pasyente ng PeaceHealth, ikaw (at iba pang indibidwal na pinahintulutan mo) ay may karapatan na:**

- Sumali sa paggawa ng personal na plano sa paggamot at makisali sa mga proseso ng pagsusuri hangga't maaari. Kabilang dito ang:
  - Tagapayo mo
  - Tagapagbantay mo
  - Isang propesyonal sa kalusugang pangkaisipan na dati nang nakibahagi sa pangangalaga mo sa labas ng pasilidad ng pagsusuri o itinakdang pasilidad ng paggamot,
  - Isang kinatawan na pinili mo
  - Isang indibidwal na inatasan mo bilang iyong kinatawan o tagapangalaga kaugnay ng mga desisyon sa paggamot sa kalusugang pangkaisipan ayon sa AS 13.52 at
  - Isang adulto na itinalaga sa ilalim ng AS 47.30.725.
- Sa pinakamababang antas, hanggang sa lawak ng paghingi ng partikular na mga uri ng therapy, pagtatanong kung bakit kasama o hindi kasama ang mga partikular na therapy sa programa ng paggamot, at para ipaalam sa iyo ang iyong kasalukuyang kalagayang medikal at kondisyon sa pag-iisip at prognosis.
- Kung may kakayahan ka na magbigay ng pahintulot, may karapatan ka na magbigay o pigilan ang pahintulot sa gamot at paggamot sa lahat ng sitwasyon na walang kinalaman sa krisis o nalalapit na krisis na ayon sa AS 47.30.838(a)(1). Dapat na sinusunod nito ang mga kinakailangang pamamaraan ayon sa AS 47.30.836 — 47.30.839 bago magbigay ng psychotropic na gamot.
- Ang nakasaradong tahimik na kuwarto, o iba pang uri ng pagkulong, ay hindi maaaring gamitin maliban nalang kung may posibilidad na masaktan mo ang sarili mo o ang iba kung hindi ka itatali. Ang uri ng pagpipigil na gagamitin ay dapat na pinakamabuti sa kapakanan mo at ito ang pinakamagaang opsyon na magagamit. Wala sa seksyong ito ang naglalayon na limitahan ang karapatan ng mga tauhan na gamitin ang tahimik na kuwarto kapag humiling o pumayag ka, kung ito ay itinuturing na para sa iyong pinakamabuting kapakanan. Kung inilagay ka sa tahimik na kuwarto o sa iba pang pisikal ng pagpipigil, susuriin ka nang hindi bababa sa bawat 15 minuto o mas madalas kung kinakailangan batay sa tamang pangangalagang medikal. Habang nasa tahimik na kuwarto, bibisitahin ka ng isang miyembro ng kawani nang hindi bababa sa isang beses bawat oras at bibigyan ka ng sapat na pagkain at tubig at access sa banyo. Hindi ka puwedeng panatilihin sa isang tahimik na kuwarto o sa anumang uri ng pisikal na pagpipigil nang labag sa gusto mo nang mas matagal kaysa sa kinakailangan upang matupad ang layunin na nakasaad sa bahaging ito. Ang lahat ng paggamit sa tahimik na kuwarto o iba pang pagpigil ay dapat nakaulat sa iyong medikal na rekord, kasama na ang mga dahilan ng paggamit nito, ang tagal ng paggamit, at ang pangalan ng kawani na nagpahintulot nito.
- Kung may kakayahan kang magbigay ng pahintulot, mayroon kang ganap na karapatan na tanggapin o tanggihan ang electroconvulsive therapy o aversion conditioning. Kung wala kang sapat na kapasidad para magdesisyon, ang therapy o conditioning ay hindi puwedeng ibigay nang walang kautusan mula sa korte, maliban kung tahasan mong pinahintulutan ang paraang iyon ng paggamot sa isang paunang tagubilin sa pangangalaga na maayos na naisagawa sa ilalim ng AS 1.352, o kung mayroon kang awtorisadong kinatawan o tagapamagitan sa ilalim ng AS 13.52 na may pahintulot na magdesisyon para sa iyo at pumayag sa paggamot sa ngalan mo.
- Walang pagkakataon na ang paggamot ay may kasamang psychosurgery, lobotomy, o iba pang katulad na paggamot nang walang espesipikong pahintulot mula sa iyo. Ito ay naangkop sa mga minor maliban kung masyado pa itong bata o may kapansanan para magbigay ng pahintulot kung saan kinakailangan ang pahintulot ng legal na tagapag-alaga. Karagdagan pa, ang paggagamot na ito ay hindi puwedeng ibigay nang walang kautusan mula sa korte pagkatapos ng pagdinig na sumusunod sa buong proseso ng batas.
- Kapag, ayon sa nakasulat na opinyon ng iyong doktor na nag-aalaga sa iyo, ay mayroong tunay medikal na emergency at kinakailangan ang isang surgical na operasyon para iligtas ang buhay mo, pisikal na kalusugan, paningin, pandinig, ang propesyonal na taong nangangasiwa, o ang itinalagang kinatawan nito, ay maaaring magbigay ng pahintulot sa operasyon kung hindi na sapat ang oras para makuha ang pahintulot mula sa mga malapit na kamag-anak, o tagapag-alaga, o awtoridad ng hukuman. Pero, hindi maaaring pahintulutan ang operasyon kung hindi ka minor at kusang-loob na tumatanggi dahil sa relihiyosong paniniwala.

- Pagkatapos ng iyong paglabas, bibigyan ka ng isang plano ng paglabas na naglalaman ng uri at dami ng pangangalaga at paggamot na dapat mong matanggap, pati na rin ang iba pang mga hakbang na maaari mong gawin para mapabuti ang iyong kalusugang pangkaisipan pagkatapos mong umalis sa pasilidad. May karapatan kang sumali, hangga't maaari, sa paggawa ng iyong plano sa paglabas. Ang kopya ng plano mo ay ibibigay sa iyo, at o ng iyong tagapag-alaga, sa isang adultong itinalaga alinsunod sa AS.47.30.725, pati na rin sa korte kung naaangkop, at sa anumang ahensyang nagsasagawa ng follow-up.
- Magtanong tungkol sa mga bayarin sa iyong bill. Tumawag sa Mga Serbisyo sa Pinansyal ng Pasyente (Patient Financial Services) sa 1-877-202-3597.

## Kung ikaw ay pinigilan para sa pagsusuri sa ilalim ng AS 47.30.660–47.30.915, mayroon kang karapatan na:

- Makipag-ugnayan agad sa tagapag-alaga mo, kung mayroon man, o sa isang adultong itinalaga mo, at sa abogado mo o legal na kinatawan na pinili mo.
- Masabihan sa pamamagitan ng pasalita at nakasulat, sa wikang naiintindihan mo, tungkol sa mga karapatan mo sa ilalim ng batas.
- Magkaroon ng karapatang humarap sa isang pagdinig sa korte na itatakda hindi lalampas sa pagtatapos ng 72 oras na panahon para malaman kung may sapat na dahilan para sa patuloy na pagpigil matapos ang 72 oras, para sa karagdagang hanggang 30 araw.
- Magkaroon ng kinatawang abogado, magpresenta ng ebidensya, at magtanong sa mga saksi na puwedeng tumestigo laban sa iyo sa pagdinig.
- Makalaya mula sa mga epekto ng gamot at iba pang uri ng paggamot hangga’t maaari bago ang 30-araw na pagdinig sa commitment, maliban kung ito ay inireseta ng isang lisensyadong doktor o kung pipiliin mong gumamit ng mas hindi mahigpit na alternatibo, kung sa opinyon ng mga tagapagbigay iyong pangangalaga, ang paggamot ay kinakailangan para: (1) maiwasan ang pisikal na pananakit sa sarili mo o sa iba; (2) maiwasan ang labis na paglala ng mental na kondisyon mo na puwedeng magresulta sa hindi na paggaling kahit may kasunod na paggamot; o (3) matulungan kang makapaghanda at makasali sa mga pagdinig.

May karapatan kang maghain ng reklamo o magpahayag ng mga alalahanin tungkol sa iyong pangangalaga, maging pasalita man o nakasulat, at makatanggap ng agarang tugon ayon sa mga itinakdang patakaran. Malaya kang makapagsasabi ng reklamo at magrekomenda ng pagbabago ng hindi natatakot sa paghihiganti, at nang hindi pinipilit, itinatangi, ginagantihan, o naaabala sa pangangalaga, paggamot, at mga serbisyo. Puwede mong iulat ang reklamo o hinaing mo sa pamamagitan ng pagtatanong para makausap ang charge nurse, tagapamahala ng departamento, o makipag-ugnayan sa isa sa mga miyembro ng grupo na Namamahala sa Panganib (Risk Management team) at sa mga miyembro ng grupo para sa Relasyon ng mga Pasyente (Patient Relations) sa mga numero nakalagay sa ibaba.

| | |
|---|---|
| **PeaceHealth Ketchikan Medical Center**<br>3100 Tongass Avenue<br>Ketchikan, AK 99901<br>907-225-5171<br><br>**Team Para sa Ugnayan ng mga Pasyente**<br>1-844-749-8817 | **Departamento sa Kalusugan at Serbisyong Panlipunan ng Alaska (Alaska Department of Health and Social Services)**<br>(Malinaw na minarkahan sa sobre na "Kompidensyal”)<br>Health Facilities Licensing & Certification<br>4501 Business Park Blvd. Ste 24, Bldg. L<br>Anchorage, AK 99503<br><br>**Telepono:** 907-334-2483<br>**Email**: complaintcoordinator@alaska.gov |